



Mga Bakuna para sa Paaralan: Pagpapanatiling Protektado ang Iyong Anak

Kailangan ng mga bata ng bakuna para makapasok sa paaralan sa California. Ang mga bakuna ay tumutulong na maprotektahan ang mga bata mula sa iba't ibang sakit.

Kailan kailangan ng anak ko ng mga bakuna?

- Sa 4 na taong gulang pa lamang, maaari nang mabakunahan ang anak mo para sa kindergarten.
- Ang iyong pre-teen ay maaaring mabakunahan para sa middle school sa pagitan ng 9 at 11 taong gulang.

Paano kami makakakuha ng mga bakuna?

- Tumawag sa doktor ng iyong anak upang magpaiskedyul ng pagbisita habang walang sakit ang bata at malaman kung anong mga bakuna ang kailangan ng iyong anak.
- Tanungin ang iyong doktor kung mayroon siyang walk-in clinic para sa mga bakuna.
- Tawagan ang departamento ng pampublikong kalusugan ng iyong county. Karamihan sa mga departamento ng kalusugan ay nag-aalok ng mga bakuna nang walang bayad para sa mga miyembro ng Partnership.

Tiyaking naibigay sa iyong anak ang lahat ng bakuna bago magpasukan sa paaralan.

Narito kami upang tulungan ka. Para sa numero ng telepono ng iyong lokal na departamento ng kalusugan, tawagan kami sa **(800) 863-4155**, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa California Relay Service sa **(800) 735-2929** or **711**.

Partnership HealthPlan of California – Ang Inyong Partner sa Kalusugan